ANNA M. ROTH, RN, MS, MPH
HEALTH SERVICES DIRECTOR
DANIEL PEDDYCORD, RN, MPA/HA
PUBLIC HEALTH DIRECTOR

CONTRA COSTA HEALTH SERVICES

CONTRA COSTA PUBLIC HEALTH
MGA PROGRAMA PARA SA NAKAKAHAWANG SAKIT
597 CENTER AVENUE, SUITE 200-A
MARTINEZ, CALIFORNIA 94553
PH (925) 313-6740
FAX (925) 313-6465
WWW.CCHEALTH.ORG

NAGHIHINTAY NG MGA RESULTA KAUGNAY NG CO

Kung nakumpleto mo na ang iyong pagsusuri para sa COVID-19 at naghihintay ka ng mga resulta, mangyaring sundin ang gabay sa ibaba.

Hanggang sa malaman mo ang iyong mga resulta:

- Kung **masama ang pakiramdam** mo, kailangan mong manatili sa bahay at i-isolate ang iyong sarili sa ibang miyembro ng sambahayan.
- Kung **malapitan kang nakisalamuha** sa isang taong kumpirmadong may COVID-19, kailangan mong manatili sa bahay kahit na mabuti ang iyong pakiramdam. Tinatawag itong pag-quarantine. Mangyaring sundin ang *Mga Tagubilin sa Pag-quarantine para sa Mga Close Contact.*
- Kung **mabuti ang pakiramdam** mo at **hindi ka malapitang nakisalamuha** sa sinumang kumpirmadong may COVID-19, maaari mong ipagpatuloy ang iyong mga regular na aktibidad alinsunod sa mga kasalukuyang alituntunin ng Opisyal ng Kalusugan hanggang sa matanggap mo ang iyong mga resulta.

Kapag dumating na ang iyong mga resulta, mangyaring sundin ang gabay sa ibaba.

Kung **negatibo** ang iyong mga resulta:

- Kung **masama ang pakiramdam** mo, kailangan mong manatili sa bahay hanggang sa gumaling ka.
- Kung **mabuti ang pakiramdam** mo, pero **nagkaroon ka ng close contact** sa isang taong nakumpirmang may impeksyon ng COVID-19, kailangan mong manatili sa bahay para mag-quarantine sa loob ng 10 araw mula sa iyong huling contact sa taong iyon at dapat na patuloy mong subaybayan ang iyong sarili para sa mga sintomas ng COVID-19 at patuloy na magsagawa ng mga pang-iwas na hakbang gaya ng paggamit ng pantakip sa mukha/mask at social distancing mula sa ibang tao sa loob ng buong 14 na araw pagkatapos ng iyong pagkalantad.
    - Kung nagtatrabaho ka isang populasyong madaling mahawahan, maaaring iatas sa iyo na huwag pa ring pumasok sa trabaho sa loob ng buong 14 na araw ng panahon ng quarantine.
- Kung magkakaroon ka ng mga sintomas sa panahong ito, mag-follow up sa iyong provider para sa posibleng muling pagsusuri. Kakailanganin mo ring manatiling naka-isolate sa iyong bahay hanggang sa makuha mo ang iyong mga resulta o hanggang sa gumaling ka batay sa nakasaad sa ibaba. Mangyaring sumangguni sa *Mga Tagubilin sa Pag-quarantine para sa Mga Close Contact.*

Kung **positibo** ang iyong mga resulta:

Mangyaring sumangguni sa *Mga Tagubilin para sa Pag-isolate ng Sarili at Pagsubaybay sa Kalusugan*, kung saan ka makakakita ng gabay sa kung paano protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong komunidad.

ANNA M. ROTH, RN, MS, MPH
HEALTH SERVICES DIRECTOR
DANIEL PEDDYCORD, RN, MPA/HA
PUBLIC HEALTH DIRECTOR

CONTRA COSTA HEALTH SERVICES

CONTRA COSTA PUBLIC HEALTH
MGA PROGRAMA PARA SA NAKAKAHAWANG SAKIT
597 CENTER AVENUE, SUITE 200-A
MARTINEZ, CALIFORNIA 94553
PH (925) 313-6740
FAX (925) 313-6465
WWW.CCHEALTH.ORG

NAGHIHINTAY NG MGA RESULTA KAUGNAY NG CO'

Para sa higit pang impormasyon sa kung paano makakapagpasuri, tungkol sa home quarantine at pag-isolate, pakibisita ang: https://www.coronavirus.cchealth.org/ at i-click ang mga tab na Get Tested o About COVID-19.

Para sa mga tanong o alalahanin, maaari kang makipag-ugnayan sa Pampublikong Kalusugan ng Contra Costa sa mga regular na oras ng negosyo mula Lunes-Biyernes nang 8:00AM-5:00PM sa **925-313-6740** o mag-email sa amin sa **CoCohelp@cchealth.org**. Makakahanap ka rin ng impormasyon online sa *cchealth.org/coronavirus.*